PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

# KAPASIYAHANG PANLUNGSOD BILANG 09-309

## KAPASIYAHAN NA NAGSASAAD NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY SA MGA NAULILA NG DATING PANGULO NG PILIPINAS GNG. CORAZON COJUANGCO-AQUINO NA PUMANAW NOONG IKA-1 NG AGOSTO 2009 MULA SA MGA NANUNUNGKULAN, KAWANI AT LAHAT NG MAMAMAYAN SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA.

**************************************************************************************

Ipinanukala: *Kgg. Punonglungsod Aldrin L. San Pedro*
*Kgg. Pang. Punonglungsod Artemio A. Simundac*
*Kgg. Kon. Allan Rey A. Camilon*
*Kgg. Kon. Allen F. Ampaya*
*Kgg. Kon. Ma. Luisa Babaran-Echavez, MD*
*Kgg. Kon. Margarita Amythyst Patdu-Labios, MD*
*Kgg. Kon. Melchor R. Teves*
*Kgg. Kon. Mggl. Icasiano M. Dela Rea*
*Kgg. Kon. Ermie S. Espeleta*
*Kgg. Kon. Marita Deang-Calalang, DMD*
*Kgg. Kon. Francis Ian T. Bagatsing*
*Kgg. Kon. Joselito V. Arevalo*
*Kgg. Kon. Luvi P. Constantino*
*Kgg. Kon. Inhr. Marissa Cole-Rongavilla*
*Kgg. Kon. Inhr. Mamerto T. Sevilla, Jr.*
*Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday*
*Kgg. Kon. Robert A. Abas*
*Kgg. Kon. Mggl. Rey E. Bulay*
*Kgg. Kon. Renato R. So*
*Kgg. Kon. Dann Henry G. Teves*

**************************************************************************************

**SAPAGKAT,** sapagkat ang pagkawala ng isang mahal sa buhay ay lubhang nakakalungkot lalo na kung ang namayapa ay isang mabuti at dakilang ina ng tahanan at ng buong bansang Pilipinas;

**SAPAGKAT,** si **Gng. Corazon Cojuangco-Aquino** ay isinilang sa Jose Cojuangco, Tarlac noong ika- 25 ng Enero 1933, pang-anim sa walong (8) magkakapatid at pumanaw noong **ika-1** ng **Agosto 2009** sa gulang na Pitumpu't Anim (76) na taon;

**SAPAGKAT,** si **Gng. Corazon Cojuangco-Aquino** ay nag-aral sa isang exclusive Catholic School para sa mga babae sa Maynila, tumungo sa bansang America at nag-aral sa Philadelphia's Raven Hill Academy at pagkatapos ay kumuha ng degree sa French at mathematics sa New York's Mount Saint Vincent College taong 1953, bumalik sa Pilipinas at nag-enrol sa Manila Law School;

**SAPAGKAT,** siya ay naging may bahay ni dating **Senador Benigno Aquino, Jr.,** taong 1954 at biniyayaan ng apat (4) na anak na babae at isang (1) lalaki sa katauhan ng ***Kgg. Senador Benigno "Noynoy" Aquino, III***;

*Pahina 2*
*Kapasiyahang Panlungsod Bilang 09-309*

**SAPAGKAT,** si **Gng. Corazon Cojuangco-Aquino** ang kauna-unahang babaeng nanungkulan bilang isang Pangulo ng Bansang Pilipinas, ang naging daan upang ang **"DEMOKRASYA"** sa ating bansa ay malasap at makamtan ng bawat isang Pilipino;

**SAPAGKAT**, sa paglasap ng **DEMOKRASYA** isa ang Lungsod ng Muntinlupa sa mga nagkamit nito, itinalaga si **Mggl. Ignacio "Toting" Bunye** bilang Pansamantalang (OIC) Punongbayan na noon ay Pamahalaang Bayan ng Muntinlupa;

**SAPAGKAT,** bilang dating Pangulo ng Pilipinas si **Gng. Corazon Cojuangco-Aquino** ay tinagurian ni Pope Benedict XVI bilang isang ***"woman of deep and unwavering faith, courageous commitment to the freedom of the Filipino People at firm rejection of violence and intolerance";***

**SAPAGKAT,** ang pagpanaw ng isang mahal sa buhay ay lubhang nakalulungkot lalo na kung ang namayapa ay isang tagapagtanggol ng Sambayanang Pilipino, mapagmahal na ina, kapatid, lola at higit sa lahat ay lingkod bayan;

**SAPAGKAT,** marapat lamang na ang isang nanunungkulan sa ating Bansa tulad ni dating **Pangulo Corazon Cojuangco-Aquino** ay bigyan ng pagpapahalaga dahil ang kanyang paglisan ay malaking kawalan sa ating Bansa;

**SAPAGKAT,** sa panahon ng kanyang panunungkulan bilang **Pangulo ng ating bansa** ay buong katapatan at sigasig na ginampanan ang kanyang tungkulin sa kanyang mga kababayan sa Bansang Pilipinas;

**SAPAGKAT,** bilang paggalang at pagpapahalaga sa mga ginawa ng dating Pangulo Corazon Cojuangco-Aquino ang ika-5 Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ay nagpapahayag ng pakikidalamhati sa pamilyang naulila.

**NGAYON, DAHIL DITO, PINAGPASIYAHAN,** ng ika-limang (5$^{th}$) Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa na nagbibigay nagsasaad ng taus-pusong pakikiramay sa mga naulila ng dating Pangulo ng Pilipinas Gng. Corazon Cojuangco-Aquino na pumanaw noong **ika-1** ng **Agosto 2009**.

**PINAGPASIYAHAN,** ng 5$^{th}$ Sangguniang Panlungsod ngayong **ika-3 Agosto, 2009** kanilang ika-**87$^{th}$** ***Regular na Pagpupulong***.

**SINANG-AYUNAN:**

**DISTRITO 1:**

**KON. ALLAN REY A. CAMILON**
*Miyembro*

**KON. ALLEN F. AMPAYA**
*Miyembro*

**KON. MA. LUISA BABARAN-ECHAVEZ, MD**
*Miyembro*

**KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, MD**
*Miyembro*

**KON. MELCHOR R. TEVES**
*Miyembro*

**KON. MGGL. ICASIANO M. DELA REA**
*Miyembro*

**KON. ERMIE S. ESPELETA**
*Miyembro*

**KON. MARITA DEANG-CALALANG, DMD**
*Miyembro*

**DISTRITO 2:**

**KON. FRANCIS IAN T. BAGATSING**
*Miyembro*

**KON. JOSELITO V. AREVALO**
*Miyembro*

**KON. LUVI P. CONSTANTINO**
*Miyembro*

**KON. INHR. MARISSA COLE-RONGAVILLA**
*Miyembro*

**KON. INHR. MAMERTO T. SEVILLA, JR.**
*Miyembro*

**KON. VERGEL C. ULANDAY**
*Miyembro*

**KON. ROBERT A. ABAS**
*Miyembro*

**KON. MGGL. REY E. BULAY**
*Miyembro*

**KON. RENATO R. SO**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Samahan ng mga Punongbarangay*

**KON. DANN HENRY G. TEVES**
*Kinatawan ng Sektor*
*Pangulo*
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN KO,** ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**LEONORA M. MARCELO**
*Legislative Staff Officer IV*

**PINATUTUNAYAN:**

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Punonglungsod*
*Petsa:* ____________

***Norie/***